

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

19 ng Disyembre

2017-12-19

Leksyonaryo Bilang 195

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Magpasalamat kayó sa Panginoón | Fruto Ramirez SJ
Bayan, Magsiawit na! | Arnel Aquino SJ
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMI.

LITÚRHIYA NG SALITÁ

UNANG PAGBASA.....Hukom 13:2-7, 24-25a

Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Hukom

Noong mga araw na iyon,
sa bayan ng Zora ay may isang lalaking Manoa ang pangalan,
kabilang salipi ni Dan.
Ang asawa niyá ay hindi magkaanak.
Minsan,
napakita sa babae ang anghel ng Panginoón,at sinabi,
“Hanggang ngayo’y wala kang anak.
Ngunit hindi magtatagal,maglililihi ka at manganganak.
Mula ngayon ay huwag kang iinom ng anumang uri ng alak
ni titikim ng anumang bawal na pagkain.
Kung maipanganak mo na siyá,
huwag mong papuputulan ng buhok
pagka’t mula pa sa kaniyang pagsiláng ay itatalaga na siyá sa Diyós.
Siyá ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.”

Ang babae’y lumapit sa kaniyangasawa at kaniyang sinabi,
“Napakitasa akin ang isang propeta ng Diyós,parang anghel.
Kinikilabutan akó!
Hindi ko tinanong kung tagasaan siyá
at hindi naman niyá sinabi kung sino siyá.
Huwag daw akóng iinom ng alak
ni titikim ng anumang bawal na pagkain
pagka’t ang sanggol naisisiláng ko’y itatalaga sa Diyós.”

Dumating ang araw at nangana kang asawa ni Manoa.
Lalaki ang sanggol at pinangalanan nilang Samson.
Lumaki ang bata na patuloy na pinagpapala ng Panginoón.
Ang Espiritung Panginoón ay lumukob kay Samson.

TUGÓN SA SALMO

cf. Salmo 71:8

Vic Romero

G Am C G/B
 Andante (♩ = c. 88)
 La - gi kong pa - pu - pu - ri - han_ ang i -
 yong ka - pang - ya - ri - han!
 Em C D

Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulâ sa *Ang Pagpapahayâg ng Salitâ ng Diyos*
 © 2006 Panayâm ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,
 Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhíyá.
 Tugtugin © 2010-2016 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

SALMO: Awit 071:3-4a, 5-6ab, 16-17

Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan,
 matatag na kublihan ko at matibay na sanggalang.
 Sa lahát ng masasama, O Diyós,
 akó'y ipaglaban.

Panginoón, sa iyo ko inilagak ang pag-asa,
 maliit pang bata akó, sa iyo'y may tiwala na;
 sa simula at mula pa wala akóng inasahang magiingat sa sarili,
 kundi tanging ikaw lamang.

Pagkat ikaw, Panginoón, ay malakas at dakila,
 ang taglay mong katangia'y ihahayag ko sa madla.
 Sapul pa sa pagkabata akó'y iyong tinuruan,
 hanggang ngayo'y sinasambit ang gawa mong hinangaan.

MABUTING BALITÀ..... Mabuting Balita ayon kay San Lucas 1:5-25

Ang Mabuting Balita ng Panginoón ayon kay San Lucas

Noong si Herodes ang hari ng Judea,
 may isang saserdote na ang ngala'y Zacarias,
 sa pangkat ni Abias.
 At mula rin sa lipi ni Aaron ang kaniyang asawang si Elisabet.
 Kapwa silá kalugud-lugod sa paningin ng Diyós,
 namumuhay nang ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoón.
 Wala siláng anak sapagkat baog si Elisabet,
 at silá'y matanda na.

Ang pangkat ni Zacarias ang nanunungkulan noon,

at siyá'y naglilingkod sa harapan ng Diyós bilang saserdote.
 Nang silá'y magsapalaran,
 ayon sa kaugalian ng mga saserdote,
 siyá ang nahirang na maghandog ng kamanyang.
 Kaya't pumasok siyá sa templo ng Panginoón
 sa oras ng pagsusunog ng kamanyang,
 samantalang nagkakatipon sa labas ang mga tao at nananalangin.

Walang anu-ano'y napakita sa kaniyá ang isang anghel ng Panginoón,
 nakatayo sa gawing kanan ng dambanang sunugan ng kamanyang.
 Nagulat si Zacarias at sinidlan ng matinding takót
 nang makita ang anghel.
 Ngunit sinabi nito sa kaniyá,
 "Huwag kang matakót,
 Zacarias! Dininig ng Diyósang panalangin mo.
 Kayó ni Elisabet ay magkakaanak ng isang lalaki,
 at Juan ang ipangangalan mo sa kaniyá.
 Ikaw ay matutuwa at magigingmaligaya,
 at marami ang magagalak sa kaniyáng pagsiláng
 sapagkat siyá'y magiging dakila sa paningin ng Panginoón.
 Hindi siyá iinom ng alak
 o anumang inuming nakalalasing.
 Sa sinapupunan pa lamang ng kaniyáng ina,
 mapupuspos na siyá ngEspiritu Santo.
 Marami sa mga anak ng Israel ang panunumbalikin niyá
 sa kanilang Panginoóng Diyós.
 Mauuna siyá sa Panginoón,
 taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias,
 upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak,
 at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail.
 Sa gayon,
 ipaghahanda niyá ng isang bayan ang Panginoón."

Sinabi ni Zacarias sa anghel,
 "Paano ko po matitiyak na mangyayari ito?
 Sapagkat akó'y napakatanda na at gayon din ang aking asawa."

Sumagot ang anghel,
 "Akó si Gabriel na naglilingkod sa harapan ng Diyós.
 Sinugo akó
 upang ihatid sa iyo ang mabuting balitang sinabi ko na sa iyo.
 At ngayon,
 mabibingi ka't hindi makapagsasalita
 hanggang sa araw na maganap ang mga bagay na ito,
 sapagkat hindi ka naniwala sa mga sinabi ko
 na matutupad pagdating ng takdang panahon."

Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao.
 Nagtaka silá kung bakit nagtagal siyá nang gayon sa loob ng templo.
 Paglabas niyá ay hindi na siyá makapagsalita,
 mga senyas na lamang ang ginagamit niyá;
 kaya natanto nila na nakakita siyá ng pangitain.
 At siyá'y nanatiling pipi.

Nang matapos ang panahon ng kaniyáng paglilingkod ay umuwi na siyá.
 Hindi nga nagtagal at naglihi si Elisabet,
 at hindi ito umalis ng bahay sa loob ng limang buwan.
 "Ngayo'y nilingap akó ng Panginoón," wika ni Elisabet.
 "Ginawa niyá ito upang alisin ang aking kadustaan sa harapan ng mga tao!"

PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

O sanga kang Ugat ni Jesse, taga-akay ng arami, halina't tubusin kami.

O Sangáng Ugát ni Jesse!

DISYEMBRE 19

VIC ROMERO

Andante (♩ = c. 88)

C G/B Am D C G

Al - le - lu - ia, Al - le - lu - ia, Al - le - lu - ia!

Em Am D Em G Am

O Sa - ngang u - gat ni Jes - se, ta - ga a - kay nang ma -

Em Am Em Am Em

ra - mi, ha - li - na't tu - bu - sin mo ka - mi.

Ulitin ang Alleluia.

Tugtugin © 2013-2014 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN

- .. a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- .. b. Para sa mga Kinaúukulan
- .. c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- .. d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

LITÚRHIYÀ NG EUKARISTIYA

MAARING AWIT SA PAG-AALAY

Halina, O Emanuel

Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ

Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

SANTO, SANTO, SANTO

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

DAKILANG AMEN

PANALANGIN NG PANGINOÓN

KORDERO NG DIYÓS

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)
Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Magpasalamat kayó sa Panginoón | Fruto Ramirez SJ

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

19 ng Disyembre | 2017-12-19 | Leksyonaryo 195 | Gulóng 2
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society.
www.bible.org.ph
Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com

Halina, Emanuél

Andante (♩ = c. 88)

Em Am D Em G

1. Ha - li - na, O E - ma - - - nu - él, At tu - bu -
 2. Ha - li - na, O Ka - ru - - - nu - ngan, Ta - ga - pág -
 3. Ha - li - na, O A - do - - - na - i, Na sa bun -
 4. Ha - li - na, Tung - kód ni _____ Jes - se, Sa ka - a -
 5. Ha - li - na, Su - si ni _____ Da - víd, Sa la - ngit

Am Bm Em Am C

3

sín ang Is - - - ra - él, _____ Na - lu - lung - kót sa pag - ka -
 a - yos nang _____ ta - nán, _____ Nang ta - ma ka - mi'y tu - -
 dók nang Si - - - na - i, _____ Ba - ya'y bi - nig - yán nang _____
 way i - lig - - - tás mo _____ Ka - míng sa 'yo na - na _____
 ta - ha - na'y _____ buk - sán, _____ La - ndás pa - ak - yát ti - - -

D G Am D G

5

ta - pon, _____ Hi - ni - hin - táy A - nák _____ nang D'yós.
 ru - an, _____ La - ging ang lo - ób mo'y _____ sun - dín.
 ba - tás, _____ Li - gid nang 'yóng ka - ma - - - ha - lan.
 na - lig, _____ Ta - gum - páy i - pag - ka - - - lo - ób.
 ya - kin, _____ Lan - dás pa - ba - bá'y i - - - pi - nid.

D/F# G Am D Em huwag huminto rito

7

Mag - di - - - wang na, _____ E - ma - - - nu - el _____ ay
 pagdugtungin

G Am Bm Em

9

da - ra - ting, O Is - - - - ra - el!

Titik: Veni, veni, Emmanuel, Latin ika-9 na dantaón.

Titik Tagalog karapating-sipi © 2007-2017 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com.

Maaaring kopyahín kung pansariling gamit. Kailangan ang pahintulot sa ibang gamit.

Halina, D'yos Mesias



1. Ha - li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay ka, Mag-
 2. Sa-bik sa 'yo ang ba-yan mu-la pa n'ong ma-nga pro-pe-ta, Big-
 3. Da-la'y ka - pa - ya-pa-an, Ang-pag - ka - ta - o'y si - nu - ot - mo u -




wa - wa - gi'y pag - a - sa, Ma - pa - pa - wi ang lum - bay.
 yan ka - mi nang la - ya, sa sa - la ay tu - bu - sin.
 pang ang pag - ka - D'yos mo Ay a - ming ma - si - la - yan.



Po - ong ma - hal, la - pit ka na, Ka - di - li -



ma'y pa - wi - in na, I - yong muk - ha'y 'pa - ki - ta na. Ha -



li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay-ka, Mag -



wa - wa - gi'y pag - a - sa, Ma - pa - pa - wi ang lum - bay.

Sa Amáng Mahál Sumilang



1. Sa A-mang ma-hal su-mi - lang ba-go pa nag-ka - pa - na-hon,
2. Pi - nag - pa - lang, O pag - si - lang, sa da - la - ga nang gras - ya,
3. Pa - ngi - ta - in nang ma - nga pan - tas, sa a - wit i - ni - la - ra - wan
4. Siya'y si - na - sam - ba sa la - ngit, nang ma - nga huk - bo nang ang - hel,
5. Sa 'yo, Kris - to at sa D'yos A - ma't, sa Ba - nal na Es - pi - ri - tu,



S'ya ang Al - pha at O - me - ga, Si - mu - la at ka - ta - pu - san
 Li - hi sa Es - pi - ri - tung ba - nal, Ta - ga - pag - lig - tas ang da - lang
 nang ma - nga pro - pe - ta hi - na - yag, pi - na - nga - kong da - ra - ting.
 lu - hod at yu - ko sa ha - rap n'ya, a - wit ka - da - ki - la - an n'ya.
 a - wit nang pag - pa - sa - la - mat, si - gaw nang ma - nga pa - ra - ngal,



nang la - hat nga - yon at no - on, ma - ging sa hi - na - ha - rap,
 Sang - gol a - ting Ma - nu - nu - bos, na - si - la - yan nang u - na,
 Ang hi - nin - tay su - mi - kat - na, Pa - ngi - no - o'y pu - ri - hin
 sa daig - dig wa - lang ta - hi - mik, nag - pu - pu - ri ang la - hat
 ga - nap ang i - yong ta - gum - pay, mag - a - nak lig - tas la - hat



mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.
 mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan. A - men.